ACTIVITY SHEET
EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 1
QUARTER 3-MODULE 3(Aralin 3)

Pangalan: _____ 1-_____

Malinis at Ligtas na Pamayanan (Pagpapahalag sa Kapaligiran)
(EsP3PPP-IIIe-g-16.3)

Activity No.1

Panuto: Basahing mabuti ang sumusunod na katanungan. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa patlang.

_____ 1. Paano natin mapapanatili ang kaayusan ng ating kapaligiran?
a. Pagdidilig ng mga halaman. b. Pagtanim ng mga bulaklak sa paligid.
c. Pagtapon ng basura sa tamang lalagyan. d. Lahat ng nabanggit.

_____ 2. Ang mga sumusunod ay maling pagtrato sa kapaligiran, maliban sa isa:
a. pagsusunog ng basura.
b. hindi maayos na pagtatapon ng basura.
c. pagtatapon ng basura sa mga anyong tubig.
d. paghiwa-hiwalay ng basura bilang nabubulok at di nabubulok.

_____ 3. Ano ang paraan na maaaring gawin ng isang simpleng mamamayan bilang tagapamahala ng ating kapaligiran?
a. Magpatupad ng mga batas. b. Magtapon ng basura sa tamang tapunan.
c. Magkaroon ng pagkukusa at maging disiplinado. d. Lahat ng nabanggit.

_____ 4. Ano ang mainam na gawin sa mga basurang nagkalat sa paligid?
a. Itapon sa ilog. b. Sunugin ang mga ito.
c. Pulutin at ilagay sa tamang lalagyan. d. Hayaan lamang na pakalat-kalat sa paligid.

_____ 5. Kung bibigyan ka ng pagkakataon na gumawa ng isang bagay na makakaya mo para sa ating kapaligiran, alin sa sumusunod ang iyong gagawin?
a. Magdarasal para sa bayan.
b. Sasama sa mga clean-up drive program.
c. Sasali sa mga proyektong lilikom ng pondo para sa programa ng proper waste disposal.
d. Gagawa ng sariling programang pangkalinisan na maaaring sundin ng ibang mga kabataan sa iyong barangay

Activity No. 2

Panuto: Sa iyong sagutang papel, gumawa ng isang talata na nangangakong aalagaan mo ang ating kapaligiran.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

LIVEWORKSHEETS